Government of **Western Australia**
Department of **Mines, Industry Regulation and Safety**

**WorkSafe**
Western Australia

PAPEL-IMPORMASYON

# Mga organisasyong boluntaryo

## Ang mga organisasyong boluntaryo ba ay may mga tungkulin sa ilalim ng Work Health and Safety Act 2020 (WHS Act)?

Kung ang organisasyong boluntaryo (o isang volunteer sa ngalan nito) ay kukuha ng isa man lamang na empleyadong may bayad, ang organisasyon ay magiging isang tao na nagpapatakbo ng negosyo o proyekto (PCBU) sa ilalim ng WHS Act. Ibig sabihin, ang organisasyong boluntaryo, ang (mga) manggagawa nito at mga volunteer ay may mga tungkulin sa ilalim ng WHS Act.

Hangga't ang organisasyong boluntaryo, o sinuman sa mga volunteer nito, ay hindi nag-eempleyo ng sinumang manggagawang may bayad, ang organisasyong boluntaryo ay hindi isang PCBU. Ibig sabihin, hindi ilalapat ang WHS Act. Gayunpaman, dahil ang mga volunteer ay nangangailangan ng pangkalahatang tungkulin ng pangangalaga (duty of care) ng mga tao at ng mga organisasyon na kanilang sinusuportahan, mabuting gawi ang pagsunod sa mga pangkalahatang WHS na tungkulin.

Kung ang pang-estadong sangay o lokal na grupo ng isang organisasyon ay hiwalay sa pambansang punong-tanggapan nito, at kukuha ng may-bayad na mga manggagawa upang magsagawa ng gawain para sa organisasyon, ito ay ituturing na isang PCBU at may mga WHS na tungkulin.

Makikita ng mga organisasyong boluntaryo na nagkaroon ng tungkulin sa ilalim ng *Occupational Safety and Health Act 1984* na ang kanilang tungkulin sa ilalim ng WHS Act ay hindi lubhang naiiba, na ang WHS Act ay nagbibigay-linaw sa mga tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan at pananagutan.

## Sino ang itinuturing na volunteer?

Ang volunteer ay isang tao na nagtatrabaho para sa isang organisasyon nang walang bayad o pinansyal na pabuya, ngunit maaaring tumanggap ng balik-bayad para sa mga binayaran nila mismo, gaya ng pagbiyahe o pagkain.

Kung ang organisasyong boluntaryo ay isang PCBU, ang mga volunteer ay tinatrato na 'mga manggagawa' sa ilalim ng WHS Act, at ang mga PCBU ay dapat magbigay ng kaparehong mga proteksyon sa mga volunteer nito katulad sa may bayad na mga manggagawa nito.

**Mga volunteer** + **May bayad na mga manggagawa** = Organisasyong boluntaryo / PCBU **May mga WHS na tungkulin**

**Mga volunteer lamang** = Organisasyong boluntaryo **Walang mga WHS na tungkulin**

## Anong mga aktibidad ang saklaw ng WHS?

Mga pantrabahong aktibidad lamang ang saklaw ng WHS Act. Hindi kasali ang mga aktibidad na pang-domestiko, panlipunan, panlibangan o pribado lamang. Ang pagturing na trabaho ang isang aktibidad ay magdedepende sa partikular na mga sirkumstansya.

## Ano ang mga WHS na tungkulin ng organisasyon?

Dapat tiyakin ng mga organisasyong boluntaryo na PCBU, hangga't makatwirang maisasagawa, ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa at volunteer nito, pati na rin ang iba pa gaya ng mga bisita at ng publiko. Sa WHS Act, kabilang sa kalusugan ang kalusugang sikolohikal at pisikal. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *How to determine what is reasonably practicable to meet a health and safety duty guide (Gabay kung paano malalaman ang makatwirang maisasagawa upang matugunan ang tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan)*.

## Paano dapat pamahalaan ng mga organisasyon ang kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho?

Iniuutos ng WHS Act ang pag-aalis ng mga peligro o pagbabawas ng mga panganib hangga't makatwiran itong maisasagawa. Ang proseso ng pag-aalis o pagbabawas ng mga panganib na pangkalusugan at pangkaligtasan ay tinatawag na pamamahala ng panganib at sangkot ang apat na hakbang:

1. **Tukuyin ang mga peligro** – alamin ang maaaring maging sanhi ng pinsala.
2. **Tasahin ang mga panganib** – unawain ang klase ng pinsala na maaaring sanhi ng peligro, gaano kalubha ang maaaring maging pinsala at ang posibilidad na mangyari ito.
3. **Kontrolin ang mga panganib** – magpatupad ng pinaka-epektibong pangkontrol na hakbang na makatwirang maisasagawa sa mga sirkumstansya.
4. **Rebyuhin ang mga pangkontrol na hakbang** – upang tiyaking gumagana ang mga ito ayon sa plano.

Dapat ay may umiiral na proseso ang PCBU upang tiyaking makumpleto ang pagtasa ng panganib upang maalis o mabawasan ang mga panganib sa kalusugan o kaligtasan hangga't makatwirang maisasagawa.

## Sino ang isang opisyal at ano ang kanyang mga tungkulin?

Sa pangkalahatan, ang isang opisyal ay isang tao na gumagawa, o lumalahok sa paggawa ng mga desisyon na aapekto sa kabuuan, o sa malaking bahagi, ng mga aktibidad ng organisasyon. Ang impluwensya at kontrol na mayroon ang isang tao sa PCBU ang titiyak kung siya ay ituturing na isang opisyal. Ang mga miyembro ng mga lupon at komite ay maaaring isang opisyal – depende sa kanyang tungkulin at impluwensya.

Ang isang opisyal ng PCBU ay may mga tungkulin na tinatawag na mga obligasyon ng makatwirang pag-iingat (due diligence) sa WHS Act. Ibig sabihin, dapat tiyakin ng mga opisyal na ang organisasyon ay may umiiral na angkop na mga sistema ng trabaho at dapat nilang aktibong subaybayan at tasahin ang pamamahala ng kalusugan at kaligtasan sa loob ng organisasyon.

Ang isang volunteer para sa PCBU ay maaaring isang opisyal, na may mga WHS na tungkulin, kung siya ay gumagawa o lumalahok sa paggawa ng mga desisyon na aapekto nang malaki sa organisasyon, halimbawa, kung siya ay miyembro ng lupon o komite na nangangasiwa at gumagabay sa PCBU.

Ang mga opisyal na hindi volunteer ay maaaring usigin sa hindi pagsunod sa mga tungkulin ng makatwirang pag-iingat sa ilalim ng WHS Act. Ang mga opisyal na volunteer ng PCBU ay hindi magkakasala kung sila ay hindi susunod sa kanilang tungkulin ng makatwirang pag-iingat.

## Ano ang mga WHS na tungkulin ng isang volunteer?

Ang mga volunteer ng PCBU ay may mga tungkulin bilang mga manggagawa na gumawa ng makatwirang pangangalaga para sa sarili nilang kalusugan at kaligtasan, at tiyakin na ang kanilang mga kilos o di-pagkilos ay hindi aapekto sa kalusugan at kaligtasan ng ibang tao. Kabilang dito ang pagsunod sa mga makatwirang tagubilin mula sa PCBU na kaugnay sa WHS, at pakikipagtulungan sa anumang makatwirang mga polisiya o pamamaraan tungkol sa mga bagay na pangkalusugan at pangkaligtasan.

May kaunting mga pagkakasala na kaugnay sa paglabag sa mga tungkuling ito ng manggagawa. Ang mga volunteer ay hindi magkakasala dahil sa paglabag ng alinman sa iba pang bahagi ng WHS Act.

## Sino ang may mga tungkulin kung maraming volunteer mula sa iba't ibang organisasyon ang dadalo sa isang insidente?

Bawat PCBU na may kinatawan sa lugar na pinangyarihan ay may tungkuling tiyakin ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga manggagawa at volunteer, hangga't makatwirang maisasagawa.

Dapat ding tiyakin ng mga manggagawa at volunteer, hangga't makatwirang maisasagawa, na ang kanilang mga aktibidad ay hindi maglalantad sa ibang tao sa hindi kailangang panganib.

Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang *Work health and safety for volunteer organisations guide (Gabay sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho para sa mga organisasyong boluntaryo)*.

Ito ay isang maikling gabay. Ang mga may hawak ng tungkulin ay dapat sumangguni sa *Work Health and Safety Act 2020* at sa mga kaugnay na regulasyon para sa lubos na pag-unawa ng mga tungkulin at responsibilidad.

WSMayo22_1145